

PANAHOON PARA SA KOMENTO NG PUBLIKO
**BUKAS NA
NGAYON!**
SA DRAFT NG PAHAYAG SA PROGRAMATIKONG
EPEKTO SA KAPALIGIRAN



Teufel Nursery at Lakeside Community sa panahon ng pagbaha noong Enero 1996.



PLANO PARA SA PANGANGASIWA SA PANGANIB NG BAHA SA LOWER GREEN RIVER CORRIDOR

**Draft ng Pahayag ng Epekto ng Programa
sa Kapaligiran Fact Sheet**

Marso 2023

TOTOO ANG PANGANIB SA BAHA

Nanganganib na makaranas ng matinding pagbaha ang Lower Green River. Mapanganib at mapanira ang mga baha. Banta ito sa ating kaligtasan, hinahadlangan ang paggalaw ng mga tao at kalakal, pinipinsala ang kapaligiran, at nagdudulot ng matinding pinsala.

King County Flood Control District (Distrito) ang mga tao, ari-arian, at komunidad mula sa pinsalang dulot ng pagbaha. Gusto ng Distrito na tiyaking isang ligtas na lugar ang Lower Green River Corridor kung saan puwedeng manirahan, mangisda, magtrabaho, magsaka, at maglaro ang mga susunod pang henerasyon.

Naisasapanganib ng baha ang tinatayang 14,600 na yunit ng bahay, 42,200 trabaho, imbakan, hayupan/taninamn, parke, at likas na lugar na may nanganganib na salmon.



Pagbaha sa Horseshoe Bend noong 2006.

DRAFT NG PAKINABANG AT EPEKTO NG PEIS

Malaki ang maibabawas ng tatlong alternatibo sa pagbaha sa karamihan ng mga lugar sa panahon ng malalaking baha. Dahil isang natural na proseso ang pagbaha at hindi ito maaalis, magpapatuloy ang pagbaha, pero mababawasan ito.

Kasama sa mahahalagang problema sa kapaligiran na tinalakay sa draft ng Pahayag sa Programatikong Epekto sa Kapaligiran (Programmatic Environmental Impact Statement, PEIS) ang posibleng epekto ng bago o pinagandang pasilidad ng pangangasiwa sa baha, pagbibigay ng pagkakataon para mapaganda ang habitat ng salmon, pag-unawa sa epekto sa iba't ibang paggamit ng upa, at pagprotekta sa mga lugar na pang-agrikultura.

May karagdagang impormasyon sa LowerGreenSEPA.org



MGA ALTERNATIBO NG DRAFT NG PEIS SA LOWER GREEN RIVER CORRIDOR

1 KADA-PROYEKTONG MULTI BENEFIT PAGPAPATUPAD

- Hindi partikular sa lugar ang Plano para sa Pangangasiwa ng Panganib sa Baha
- Isinasaalang-alang ang bawat proyekto; hindi ginagawa sa lahat ng corridor ang lahat ng hakbang para mabawasan ang panganib ng baha
- Pinapaliit ang epekto sa mga katabing ari-arian
- Maaaring makinabang ang mga komunidad at kapaligiran sa mga proyekto

2 SISTEMATIKONG MARAMIHANG BENEFISYONG PAGPAPATUPAD

- Gumagawa ng bagong Plano sa Pangangasiwa sa Panganib ng Pagbaha na angkop sa isang partikular na lugar
- Gumagawa ng hakbang para sa buong corridor sa pagpapalano ng proyekto
- Maaaring maapektuhan ng mga proyekto ang ilang kalapit na ari-arian para magbigay ng proteksyon sa baha at iba pang benepisyo
- Ipinapakita kung paano ipapatupad ang mga proyekto na nagdudulot ng mga benepisyong sa mga komunidad at sa kapaligiran, kabilang ang pangangalaga at pagpapanumbalik sa tirahan sa paligid ng ilog
- Puwedeng maglagay ng proteksyon sa baha para mabawasan ang pinsala

3 PINAHUSAY NA MARAMIHANG BENEFISYONG PAGPAPATUPAD

- Gumagawa ng bagong Plano sa Pangangasiwa sa Panganib ng Pagbaha na angkop sa isang partikular na lugar
- Gumagawa ng hakbang para sa buong corridor sa pagpapalano ng proyekto
- Maaaring maapektuhan ng mga proyekto ang mas maraming kalapit na ari-arian habang nagbibigay ng proteksyon sa baha at iba pang benepisyo
- Ipinapakita kung paano ipapatupad ang mga proyekto na nagdudulot ng mas maraming benepisyong sa mga komunidad at sa kapaligiran, kabilang ang mas malawak na pangangalaga at pagpapanumbalik sa tirahan sa paligid ng ilog
- Puwedeng maglagay ng pananggalang sa baha para mabawasan ang pinsala at posibleng pagbili para matipon ang baha

NANGANGAILANGAN NG PAGPAPLANO ANG PROTEKSYON

Isinasaalang-alang ng Distrito ang paggawa ng Plano para sa Pangangasiwa sa Panganib ng Baha sa Lower Green River Corridor na tutulong sa mga investment sa hinaharap na mabawasan ang panganib dulot ng baha sa susunod na 30-50 taon. Para ipaalam ang plano, gumawa ng draft ng pahayag sa **programatikong epekto sa kapaligiran (PEIS)**, at puwede itong makita para marepaso at makomentuhan. Susuriin ng pag-aaral ang tatlong paraan ng pagbawas sa panganib dulot ng baha sa Lower Green River Corridor habang nagbibigay ng iba pang importanteng benepisyo:



Katarungan sa Kapaligiran



Pagkakapantay-panatay at Katarungang Panlipunan



Proteksyon sa habitat at pagsagip sa mga salmon



Mga Trabaho at Sustainable na Hanapbuhay



Konserbasyon sa Malalawak na Lugar



Produktibo at kumikitang agrikultura



Paglililbang at Kalikasan



Mga Matatag na Komunidad at Ecosystem



Sustainable at Malinis na Tubig



Sustainable na Pag-unlad

2019

UNANG PAGSAKLAW

- Pagsisimula ng PEIS
- Unang pagsaklaw
- Pagbibigay ng mga komento sa mga inisyal na alternatibo

2020

BINUO ANG MGA BINAGONG ALTERNATIBO

- Pagtatalaga ng Distrito sa mga tagubilin sa mga alternatibo at pag-una sa mga proyekto sa maramihang benepisyo
- Paghahanda para sa karagdagang panahon ng pagsaklaw

2021

KARAGDAGANG PANAHON NG PAGSAKLAW

- Pagbibigay ng mga komento sa mga nirebisang alternatibo

2022

IHAHANDA ANG DRAFT NA PEIS

- Pagsusuri para mapagpasiyahan ang mga posibleng epekto ng bawat alternatibo
- Paglalarawan sa mga posibleng maramihang epekto

2023

SUSURIIN ANG DRAFT NA PEIS

- Pagsasapubliko ng PEIS para sa pagsusuri
- Maaaring magbigay ng komento ang publiko sa pag-aanalisa isinagawa sa mga nirebisang alternatibo

PINAL NA PEIS

- Tinugunan ang mga komento sa Draft ng PEIS at pinagbuti ang pagsusuri kung naaangkop
- Ilalabas ang pinal na PEIS

PAGSASAALANG-ALANG NG BOARD

- Posibilidad:
- Pagkumpirma sa napiling alternatibo
- Pangangasiwa sa pagbuo ng Plano

PROYEKTONG CORRIDOR

Kasama sa proyektong corridor ang tinatayang 21 milya ng Green River at ang mga agusan nito kasama na ang mga bahagi ng Auburn, Kent, Renton, SeaTac, Tukwila, at ang hindi naisamang King County.



Malapit sa Dykstra Park sa panahon ng pagbaha noong Pebrero 2020.



Pagpapaunlad sa Downey Farm at Signature Pointe.



Ipinapakita sa mapa ang pagbaha na inaasahan sa Lower Green Corridor sa loob ng 500 taon, na may ilog na umaagos nang 18,800 piye kubiko bawat segundo (cfs). Sa antas na ito ng pagbaha, may 6% tsansa na mangyayari ito nang di-bababa sa isang beses sa loob ng 30 taon.

Sitwasyon na Walang Ipatatayo Pag-apaw

18, 800 cfs – Hindi Aapaw (Median, 0.2 % AEP)


Cfs = Piye kubiko bawat segundo (Cubic feet per second)
AEP = taunang probabilidad ng pag-apaw (annual exceedance probability)

Agosto 2022 | Mapagkukunan: King County, Northwest Hydraulic Consultants

- Milya ng Ilog
- Lower Green River Corridor

Lalim ng Baha (Talampakan)

- < 0.1
- 0.1 - 0.5
- 0.5 - 1
- 1 - 2
- 2 - 4
- 4 - 6
- 6 - 10
- > 10



IPAALAM SA AMIN ANG IYONG PALAGAY

Makakatulong ang komento mo para makagawa ng plano sa proteksyon laban sa baha. Para sa karagdagang impormasyon, **tumawag sa (206) 263-0602.**

Pakibahagi ang mga ideya ninyo!

Email: lowergreensepa@kingcounty.gov

Koreo: King County Flood Control District
Pansinin: Michelle Clark, Opisyal na Responsable sa SEPA
516 Third Avenue, Room 1200
Seattle, WA 98104

Dumalo sa nalalapit na pagpupulong:

Pumunta sa LowerGreenSEPA.org para sa higit pa tungkol sa mga oportunidad sa hinaharap.

Para sa mga salin, tumawag sa (206) 349-6361.

Informacion disponible en espanol; por favor llame al (206) 349-6361.

索取中國人版本的可用資訊; 請撥打 (206) 349-6361.

Để xem thông tin bằng Tiếng Việt, xin gọi (206) 349-6361.

Имеется перевод этой информации на РУССКИЙ; обращайтесь по телефону (206) 349-6361.

Macluumaadka waxaa lagu heli karaa somaliyeed; Fadlan la hadal (206) 349-6361.

한국어로 정보를 확인할 수 있습니다. (206) 349-6361 로 전화하십시오.

Інформація доступна українською мовою. Зверніться за номером (206) 349-6361.

Available ang impormasyon sa Tagalog; pakitawagan ang (206) 349-6361.